HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. VI No. 22 MAY 2-8,2022 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034



**Cong. Jonjon Ferrer**
*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*

# 'PHILSYS CHECK', inilunsad ng Philippine Statistics Authority




Inilunsad kamakailan ng Philippine Statistics Authority (PSA) ang 'PhilSys Check' na naglalayong makatulong sa mga establisyemento upang mas mabilis na maberipika at matukoy ang pagkakakilanlan ng National ID cardholders.

13 bangko ang nakibahagi sa pilot test run ng PhilID QR Code Verification System (PQRCVS).

"We piloted PQRCVS (PhilID QR Code Verification system) in November 2021, and we are grateful to the 13 financial institutions that answered our call for pilot testing," pahayag ni Assistant National Statistician Fred Sollesta.

Bukod sa mas mabilis na pagberipika ng mga impormasyon, hindi na rin kakailanganin pa ng manual encoding dahil mas mabilis nang maisasalin ang mga personal data ng cardholders patungo sa sistema ng mga bangko.

"Through the pilot testing we made changes to the system to better serve its purpose. With more Filipinos receiving their PhilIDs, we work together to make government and private services more accessible for our constituents," dagdag pa ni Sollesta.

Sa kasalukuyan, tinatayang nasa 9.1 milyong PhilSys IDs na ang nai-deliver habang nasa 62 milyon pa ang kailangang maproseso.

Maaaring ma-aaccess ang PhilSys Check gamit ang link na nasa ibaba:

https://verify.philsys.gov.ph/QrScan/

# Imus City New Government Center officially opens




*NEW Imus City Government Center now open – Imus City Mayor and Bukold Filipino Party-list 1st nominee Emmanuel Maliksi (5th from left) and Atty. Ryan Alvin Acosta, (6th from left), CSC Commissioner together with (from left to right) Arch. Henry Steve Olonan, Managing Associate of Enrique Olonan and Associates, Imus City First Lady Jelyn Maliksi, Vice Mayor Arnel Cantimbuhan, Wife Lorei Cantimbuhan, Councilors Miong Aguinaldo V, SK Federation President Joshua Guinto and Councilor Hertito Monzon graced the inauguration of the new center in Bgy. Malagasang 1-G, Imus City on Monday, April 25, 2022. Also in photo are (from left) City Administrator Jose Elmer 'Emoy' Francisco, Lorie Gonzaga Cantimbuhan and Vice Mayor Arnel 'Ony' Cantimbuhan. (Photo taken Mayor Emmanuel Maliksi fb)*

IMUS CITY, Cavite (PIA) — Imus City residents can expect a much better service from the city government now that its 72 offices are housed under one roof with the opening of the new Imus City Government Center.

City Mayor Emmanuel Maliksi, who led the inauguration of the new government center on Monday, April 25, said,

(cont. P.5)




ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# Mga mag-aaral sa kolehiyo kailangang mayroong PhilHealth coverage bago magbalik sa F2f classes-IATF

Itinakda ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF) kamakailan ang pagmandato sa mga mag-aaral sa kolehiyo at pamantasan na magkaroon ng Philhealth coverage bago magbalik ang face-to-face classes.

Sa ulat ng 24 oras nitong Huwebes, binanggit na ang mga estudyanteng 20-anyos pababa ay dependent pa ng kanilang mga magulang na rehistrado sa PhilHealth ngunit ang mga 21-anyos pataas ay kinakailangang magpa-miyembro na sa PhilHealth.

"'Pag 21 and above, 'yan dapat primary members na sila," pahayag ni Dr. Shirley Domingo, PhilHealth vice president for corporate affairs.

Ang mg PhilHealth members na mayroong trabaho o kumikita ay nakatakdang magbayad ng buwanang kontribusyong nagkakahalaga ng P300.00.

Samantala, ang mga estudyanteng wala pang trabaho o ang mga walang kakayahang makabayad ng kanilang kontribusyon ay maaari namang magpatala bilang "indigent" kung saan magiging libre na ang kanilang kontribusyon.

Ayon naman sa National Union of Students of the Philippines (NUSP), hindi dapat umano ipasa ng gobyerno sa mga mag-aaral ang pasanin sa pagbabayad ng mga health insurance.

"Yung financial burden ay napapasa sa individual sa mga estudyante instead of the government answering the budget to provide free medical treatment if ever may nagpositive. Kukuha ka ng barangay certificate of indigency, may bayad din 'yun. Kukuha ka ng medical certificate, may bayad din 'yun. Kukuha



ka ng hospital bill na ipi-present mo saka 'yung form, siyempre, may mga bayad siya," ani Jandeil Roperos, pangulo ng NUSP.

"So instead na magiging accessible ang transition for face-to-face classes, mayroong ganitong additional requirements," dagdag pa nito.

Kaugnay nito, iginiit naman ng PhilHealth na sinusunod lamang nila ang utos ng DOH at CHED dahil para rin naman umano ito sa kapakanan ng mga estudyante na lalahok sa muling pagbubukas ng mga kolehiyo at pamantasan sa bansa.

# DENR CALABARZON conducts "Operation Baklas Poster sa mga Puno"

Calamba City, Laguna – DENR CALABARZON Regional Executive Director Nilo B. Tamoria directed all Provincial Environment and Natural Resources Offices (PENRO) and Community Environment and Natural Offices (CENRO) within the region to remove election materials posted by political candidates in compliance with the directive of DENR Acting Secretary Jim O. Sampulna.

Under Section 9 of the Republic Act No. 9006 or the Fair Election Act of 2001, the posting of campaign materials may only be allowed in common poster areas. Moreover, Section 21.b. of COMELEC Resolution No. 10730 dated November 17, 2021 or the Implementing Rules and Regulations (IRR) of R.A. No. 9006 "Fair Election Act of 2001", stipulates that "in no instance shall an Election Officer designate as common poster areas any trees, plants, shrubs, located along public roads, in plazas, parks, school premises or any public grounds". Section 3 of the Presidential Decree No. 953 dated July 6, 1976 states that "any person who cuts, destroys, damages or injures trees of any kind shall be penalized to six (6) months to 2 years of imprisonment or a fine of Php 500.00 to Php 5,000.00".

PENRO Laguna

(cont. P.7)








Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.Ph EST. 2019

| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |

## MAKATANG KABITENYO
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

# PAGKA'T ANG PANAHON......

1. Pagka't ang panahon tuloy ang pagsapit,
Ang mga matanda ay maliligalig,
Hihina ang laman , titigas ang litid,
At ang alaala'y muling magbabalik.

2. Parang kahapon lang bahagyang napansin,
Itong mag-asawa ay magkakasupling,
Naglihi, pumintog, naghirap pa mandin,
Isang batang munti ang makakapiling.

3. Pagka't ang panahon tuloy ang pagdaloy,
Itong munting bata ay magpapatuloy,
Kumawag, dumapa na parang lalangoy,
Hanggang makaupo na tulad sa kasoy.

4. Pagka't ang panahon parang hinahabol,
Bata ay tumayo, lumakad, tumurol,
Nang maging binata'y hawak ang asarol
Upang ipakita ang trabaho't tanggol.

5. Pagka't ang panahon ay napakabilis,
Nakapag-asawa't may sanggol nang kilik,
Bata ay lumaki at saka umalis,
Binata na itong asawa ang ibig.

6. Una ay ang anak, ngayon naman apo,
Kaya tuwang-tuwa ang Lola at Lolo,
Subali't panahon laging nagbabago,
Ngayon nga'y kulubot na ang noo't braso.

7. Pagka't ang panahon tuloy ang pagsapit
At pagdating nito'y hatid ang ligalig,
Kung sana ay walang nalasap na tamis,
Sana ay lungkot lang ang palaging kamit.

8. Subali't panahon patuloy ang langoy,
Sa taong maayos, ligaya'y patuloy,
Talo yaong lahat ng paklang susuloy*,
At ani ay bungang masarap ang daloy.
suloy*= pagsibol ng sanga

# Chikiting Bakunation Days sa Imus City, gagawing house-to-house



IMUS CITY, Cavite (PIA) — Magbabahay-bahay ang mga kawani ng Imus City Health Office upang mabakunahan ang mga bata sa kanilang lungsod sa gaganaping Chikiting Bakunation Days sa darating na ika-28 hanggang 29 ngayong Abril.

Batay sa pabatid ng pamahalaang lungsod, mag-iikot ang kanilang bakuna team para ihatid ang catch-up immunization sa mga sanggol edad 0 hanggang 23 buwan na isasagawa rin sa Mayo 26-27,at Hunyo 23-24, 2022.

Kasabay nitong mga aktibidad ay pansamantalang ihihinto ang pagbabakuna kontra Covid-19 sa mga health center sa Velarde, Plaridel at Greengate sa mga nabanggit na araw ng Chikiting Bakunation Days para bigyan daan ang programa.

Nauna nang inanunsiyo ng Department of Health ang pagsasagawa ng catch-up immunization drive sa mga sanggol at batang wala pang dalawang taong gulang upang mabigyang proteksiyon ang mga ito laban sa iba't ibang uri ng sakit.

Kabilang sa mga bakunang ibibigay sa mga bata ay ang BCG at Hepatitis B, Pentavalent, Oral Polio, Inactivated Polio, Pneumococcal Conjugate, Measles, Mumps at Rubella Vaccine. — PIA Cavite




ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

MAYOR ONY FERRER








*Chakoyaki Blessing and Opening Friday April 8, 2022. Together with Cavite 6th District Cong. Jon-Jon Ferrer and City Mayor Antonio Ony Ferrer City Vice Mayor Morit Sison and Team Gentri with Dasmarinas City Mayor. Jenny Barzaga.*

# DOH Calabarzon to rollout second COVID-19 booster shot

CALAMBA CITY (PIA) – Individuals eligible for the second dose of Covid-19 booster vaccines have the option to choose the type of vaccine they will receive, according to the Department of Health Center for Health Development Calabarzon.

Citing the Department Memorandum No. 2022-0154 signed by Undersecretary Myrna Cabotaje, the Calabarzon Regional Vaccine Operation Center (RVOC), on Monday, April 25, has greenlit the rollout of additional booster doses to fully vaccinated individuals at least three months after getting their first booster dose.

The administration of the fourth Covid-19 vaccine dose in the Calabarzon region will start on April 28.

According to DOH 4-A, the administration of the second Covid-19 booster dose to eligible individuals will depend on the readiness of the Regional and Local Vaccine Operations Center and their implementing units and vaccination sites.

Like its counterparts in other regions, vaccination centers in Calabarzon shall

(cont. P.5)


*Pagbati Mula kina:*



Vice Mayor Ony Cantimbuhan
*Imus City, Cavite*



Cong. Alex "AA" Advincula
*3rd District of Cavite*

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**CITY OF BACOOR, CAVITE**
**BRANCH 112**

**DESIREE E. SAL**
Petitioner,

**CIVIL CASE No. BCV-2019-191**
**For**: Nullity of Marriage
(on the ground of Bigamous Marriage)

-versus-

**MASAKAZU SHINURA**
Respondent.
x-----------------------------------------------------------x

**TO: MASAKAZU SHINURA**
**Block 25 Lot 8, Orchids St., Camella Sorrento, Bacoor City, Cavite**

**SUMMONS**
**(BY PUBLICATION)**

**PETITION**

**COMES NOW**, Petitioner, through the undersigned counsel and unto this Honorable Court respectfully states:

1. Petitioner is of legal age, Filipino, married and with residence address at B4 L3, Phase 10 Citta Italia, Molino 3, Bacoor, Cavite where she may be served with notices, order and other court processes.

2. The Sworn Barangay Certificate of Residency and the Sketch of petitioner residency issued by Barangay Molino 3, Bacoor, Cavite, and the Affidavit of undersigned counsel are hereto attached as **Annexes "A", "B"**, & **"C"**, respectively.

3. In addition thereto, the proof of billings and TIN ID of the petitioner are hereto attached as **Annexes "D"**, **"D-1"** & **"E"**, respectively.

4. Respondent is likewise of legal age, Japanese and with last known address here in the Philippines at Block 25 Lot 8, Orchids St., Camella Sorrento, Bacoor City, Cavite, where he may be served with summons and court processes.

5. Petitioner and Respondent are husband and wife, having been joined in a marital union on 07 JULY 2004, celebrated at Phil. Independent Catholic Church, by RT. Rev. D. Lewis T. Lucea, in Municipality of Bacoor, Province of Cavite. Photocopy of their Certificate of Marriage is hereto attached and is made integral part hereof as **Annex "F"**.

6. However, it turned out that the Petitioner, prior to her marriage with the Respondent, has an existing and subsisting valid marriage with **RAMEL S. DESOLOC**, a Filipino, dated **20 APRIL 1995**, celebrated at Labac Christian Church, Naic, Cavite, by a certain Rev. Joseph D. Digol. Their Certificate of Marriage is hereto attached and made integral part hereof as Annex "G".

7. The NSO Certificate of indices of marriages of herein respondent is likewise hereto attached and made integral part hereof as **Annex "H"**.

8. The NSO Negative Certification of Death of Ramel S. Desoloc (1st marriage) is hereto attached as **Annex "I"** and made integral part hereof.

9. There were no records that the first marriage of the petitioner was dissolved, annulled and/or judicially declared void by Philippine Court, hence, the same still exists when the third marriage was entered into by the petitioner with the respondent.

10. As a consequence, the marriage between the petitioner and the respondent is void *ab initio* being bigamous since the same is a marriage during existing and subsisting prior valid marriages.

11. No child was born out of their marriage.

12. Petitioner and respondent, during their marriage, did not acquire properties substantial enough to be subject of liquidation.

**PRAYER**

**WHEREFORE,** it is most respectfully prayed that judgment be rendered as follows:

1. The marriage between the petitioner **DESIREE ESPUERTO SAL** and respondent **MASAKAZU SHINURA** celebrated at Phil. Independent Catholic Church, Bacoor, Cavite on **07 JULY 2004** be declared as **NULL** and **VOID** from the beginning being bigamous.

2. To order the Local Civil Registrar of Bacoor City, Civil Registrar General and the National Census and Statistics to delete and expunge from their respective Book of Marriages the entry of marriage between the petitioner and respondent and such other documents appertaining thereto.

Other reliefs just and equitable under the premises are likewise prayed for.

Imus City, for Bacoor City, Cavite, November 12, 2019.

**WENDY REYES, FREDERICK YU**
**& ASSOCIATES LAW OFFICES**
(Counsel for the Petitioner)
Room 13, 2nd flr., T. De Castro Building, Aguinaldo Hi-way, Justineville II
Subd., Palico, Imus City, Cavite
Tel. No. 046 4713032

By:
**ATTY. FREDERICK T. YU**
IBP Lifetime Membership No. 08286 04/16/09 Pasig City
PTR No. 1678366 Bacoor, Cavite, Jan. 8,2019
MCLE Compliance No. VI-0011396
Roll No. 57005
atty.frederickyu@yahoo.com

WHEREAS as per Return of Service of Summons dated 14 July 2020, the summons, petition and its annexes were returned **UNSERVED**, considering that the respondent is no longer residing at her address.

WHEREAS, upon motion of the petitioner, through counsel, the Court issued an Order dated November 05,2021 to serve the summons to the respondent by publication once a week for two consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Philippines.

NOW, THEREFORE, you are hereby required to file with the Branch Clerk of Court, Regional Trial Court, Branch 112, City of Bacoor, within 30 days after notice, your Answer to the petition, otherwise, the petitioner will take judgment against you and demand from the Court the relief applied for in the petition.

WITNESS THE HONORABLE AMALIA S. GUMAPOS-RICABLANCA, Assisting Judge of this Court, this 10th day of February 2022 at the City of Bacoor.

**(Sgd.) CHARISSA ELAINE B. LAZARO**
Clerk of Court V

**HUMANITY NEWS**
**April 25 & May 2,2022**

---

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**City of Bacoor**

**HOME DEVELOPMENT**
**MUTUAL FUND,**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 2022-35**
**For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage**

-versus-

**JUANCHO G. TORRES**
**married to HAYDE A. TORRES,**
Mortgagors.
x-----------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,** of 14th Floor JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, and against the mortgagors, **JUANCHO G. TORRES married to HAYDE A. TORRES**; JUANCHO G. TORRES is herein represented by his wife HAYDE A. TORRES as Attorney-in-Fact of 002 Ligas 3, Bacoor, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of March 25, 2022, amounts to **SIX HUNDRED NINETY SEVEN THOUSAND TWO HUNDRED FIFTY PESOS & 34/100 (P697,250.34)**, Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on **June 1, 2022** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit;

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 057-2013032567**

"A PARCEL OF LAND (LOT 8 OF THE CONS.SUBD. PLAN, PCS-04-024646, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 10 TO 19,BLOCK 12, PCS-04-024007, (L.R.C. RECORD NO. 8843),SITUATED IN THE BRGY. OF SAN NICOLAS, MUNICIPALITY OF BACOOR, PROVINCE OF CAVITE. X X X, CONTAINING AN AREA OF FIFTY SIX (56) SQUARE METERS."

"All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **June 8, 2022,** without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances, if any there be.

City of Bacoor, April 26, 2022.

**(Sgd.) MELY C. HERMOSURA-VISTA**
OIC-Clerk of Court V

By:
**(Sgd.) DEMETRIO T. VILLANUEVA, JR.**
Sheriff IV

**Copy furnished:**

**CRISTINA A. ESTEPA**
**c/o Atty. PAULINO E. CASES, JR.**
**CASES COLLECTION MANAGEMENT, INC.**
c/o Cases Chun & Associate Law Office
Unit 408 Cityland Condominium 10 Tower II
154 H. V. dela Costa St., Salcedo Village, Makati City

**Mr. & Mrs. JUANCHO G. TORRES**
**& HAYDE A. TORRES**
002 Ligas 3, Bacoor, Cavite
Lot 8 Blk. 12 Villa Antonina, Brgy. San Nicolas, Bacoor, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

**HUMANITY NEWS**
**May 2, 9 & 16,2022**



**Ceremonial Signing of Memorandum of Understanding for "Madiskarteng Pilipino #KasamAsenso Ka" Campaign** RCBC through its Madiskarteng Pilipino, Madiskarteng Kabitenyo #KasamAsenso Ka Roadshow has announced its newest project of bringing innovative digital banking products and services. With the Memorandum of Understanding signed on 20 April 2022 by its Cavite Partners including Rizal Commercial Banking Corporation, DTI Cavite, DOST Cavite, DILG Cavite, and DOLE Cavite, RCBC targets to carry out a Cavite-wide campaign for schools, cooperatives, and MSMEs to promote financial inclusion, e-commerce, and fintech.

## Imus City New Government Center... (from p. 1)






"while the fight against the Covid-19 crisis is the city government's top priority, this should not hinder the administration's desire to accomplish other programs and projects aimed at providing for the welfare of the citizens.."

The building, which is part of the legacy projects of Mayor Maliksi's administration, is designed to be an 'Eco-Friendly Green Building' because of the green architectural principles, such as the solar panels installed to power its lighting and other electrical fixtures. A rainwater harvesting system stored in tanks can supply the building occupants for at least four days.

Also, a sewage treatment plant ensures water wastes are safe and treated before it is released into the sewerage, while a material recovery facility contributes to the solid waste management and recycling as well.

All these features aim to lessen its carbon footprint from its daily operations.

The government building is also considered a "Smart Building" because of its computer-based building management and maintenance system.

The system could control all lighting, the alarm system, its elevator system, 500 CCTV surveillance cameras, and other facilities to give access to persons with disabilities.

The 53,761 sqm lot is located at Pedro Reyes St. in Barangay Malagasang I-G, while the Executive Building sits on the 32,871 sqm area near the Ospital ng Imus and Imus Grandstand. — PIA Cavite

## DOH CALABARZON... (from p. 3)

administer second booster doses depending on their storage capacity and stockpile, including the vaccine brands available and allocation of Covid-19 shots as booster doses.

The Regional Health Office said they are expecting an influx of residents belonging to various priority groups who will get vaccinated, as it will coincide with the Chikiting Bakunation Days.

To avoid confusion, the DOH CALABARZON asked local government units to form separate vaccination teams for the catch-up days and the Chikiting Bakunation Days. — PIA4A

# Higit 11,000 trabaho, alok ng DOLE 4-A ngayong Labor Day Job Fair 2022

Aabot sa 11,563 trabaho ang naghihintay sa mga aplikante sa malawakang job fair na isasagawa ng Department of Labor and Employment (DOLE) Region 4-A sa darating na Mayo 1.

Ayon sa ahensiya, nasa 66 na mga employers mula sa iba't ibang industriya ang inaasahang lalahok sa naturang job fairs.

Pinakamaraming trabaho ang alok ng mga manufacturing companies na ayon sa DOLE 4-A ay aabot sa 7,500 alok na trabaho.

Ang job fair na bahagi ng pagdiriwang ng Araw ng Paggawa ay gaganapin sa iba't ibang bahagi ng rehiyon: St. Thomas Academy, Santo Tomas City Batangas; Vista Mall sa Dasmariñas City, Cavite; Camp Vicente Lim sa Calamba City, Laguna; Pacific Mall sa Lucena City; at sa Ynares Event Center sa Antipolo City, Rizal.

Hinihikayat naman ni DOLE 4-A Regional Director Exequiel Ronie Guzman ang mga aplikante na makilahok sa naturang job fairs na ayon sa kanya ay bahagi ng hakbang ng ahensiya upang matulungan ang mga nawalan ng trabaho dahil sa Covid-19 pandemic.

"We make all these efforts as a strategy to contribute to the nation's goal of employment recovery by creating opportunities, sustaining developments and transforming lives of our CALABARZON workforce," pahayag ni Guzman.

Inabisuhan naman ng DOLE 4-A ang mga aplikante na makikilahok na magpa-rehistro sa kanilang Online Portal: https://tinyurl.com/prereg-applicants habang maaari namang makipag-ugnayan sa DOLE Provincial Offices ang mga employer. — PIA LAGUNA

# TUCP, naghain ng umento sa sahod ng mga manggagawa sa CALABARZON

Naghain ng petisyon ang Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) nitong nagdaang Martes sa Region 4-A Regional Wages and Productivity Board kaugnay sa P428 na umento sa sahod ng mga manggagawa sa CALABARZON.

Ayon sa grupo, apat na taon na ang nakalipas mula nang huling nagkaroon ng umento sa sahod kung saan itinaas ng P14 hanggang P21.50 ang kita ng ang mga manggagawa sa nasabing rehiyon.

Iginiit din ng grupo na hindi na sapat ang daily minimum wage na pasahod upang matustusan ang mga

(cont. P.7)



# FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**BENITO MUSSOLINI** - *Siya ay isang Italyanong Fascist na kakampi ni Adolf Hitler noong World War II. Siya ay nabihag at pinatay ng kanyang mga kababayan.*



# LET THERE BE LIGHT!

By

ENG'R. VER CAMPAñA BAUTISTA

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**MASILAW** - Ang Masilaw na sa Ingles ay " glaring bright" ay ang unang tawag sa Amadeo.

# 2022 Cavite Provincial Inter-department sportsfest



The Provincial Youth and Development Office (PYSDO) once again spearheaded the 2022 Provincial Inter-department Sportsfest which was formally opened on April 21, 2022 at the Provincial Gymnasium, Trece Martires City.

Badminton competition kicked off the first day and second day of the sportsfest. It was divided into three (3) categories, men's doubles (expert and intermediate level), women's doubles (intermediate and beginner level) and mixed doubles (expert, intermediate and beginner level).

PYSDO head Rodel Vincent Bae and Jose Villa of the Office of the Provincial Governor (OPG) were hailed champions in men's doubles expert level while Mr. Mark Bawalan and Mr. Tito Martinez Jr. from Provincial Disaster Risk Reduction Management Office (PDRRMO) bagged the championship for the intermediate level.

For the women's division, Ms. Jelyn Espineli from OPG and Ms. Kyla Joryz Ramos from Provincial Cooperative Livelihood and Entrepreneurial Division Office (PCLEDO) bagged the championship in doubles' intermediate level while Ms. Lynn Andrea Escobar and Ms. Christine Joy Cuarteron from Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) were the champions in the beginner level.

Meanwhile, winners in the mixed doubles category were as follows:

**(cont. P.7)**



# CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Artemio Ricarte - Isa siyang Ilokanong guro sa Malabon at kasama sa pag-aalsa noong rebolusyon. Siya ang unang pangunahing Heneral ng Philippine Army na itinatag ni Aguinaldo. Di siya nanumpa ng katapatan sa mga Amerikano at naging tapon sa Japan.Bumalik siya noong World War II sa Pilipinas at namatay sa Mountain Province. Nakalibing siya sa Libingan ng mga Bayani.**

# Trash traps, cleanup drives stop 800+ tons of wastes from draining to Manila Bay



More than 800 tons of trash coming from the provinces of Cavite, Laguna, Batangas and Rizal were kept from finally draining to Manila Bay through the trash traps installed along the waterways and the regular cleanup activities of the river rangers on the first quarter of 2022, per report of the Manila Bay Site Coordinating and Management Office (MBSCMO)-4.

About 600 tons of the said wastes were collected by the river rangers while the remaining volume were gathered from the trash traps. The monitoring of installed trash traps and the conduct of cleanup drives by river rangers are part of the Manila Bay Rehabilitation Program of the Department of Environment and Natural Resources (DENR) CALABARZON.

Most of the said wastes were from the province of Cavite with a total volume of 634 tons, a whopping 72% of the overall amount of waste collected for the quarter. Rizal province was distant second with 120 tons total waste collection, followed by Batangas and Laguna with 68 tons and 56 tons, respectively.

465 river rangers across the said provinces were hired and mobilized during the said period: 198 in Cavite being the most populous province of the four and being the area largely covered by the Manila Bay Region, 123 in Laguna, 80 in Rizal, and 51 in Batangas. The river rangers were able to clean an 80 km stretch along the identified river systems, shorelines, and waterbodies in the region. On the other hand, 82 of the 97 trash traps installed all over the region were able to collect solid waste during the quarter: 36 in Cavite, 19 in Rizal, 17 in Laguna, and 10 in Batangas.

The collected solid wastes were transported to various sanitary landfills and materials recovery facilities through the assistance of the concerned local government units.

For this year, DENR CALABARZON through its provincial offices will install 24 more trash traps at the identified waterways in the four provinces covering the Manila Bay Region. Moreover, the office will continue to hire river rangers who will regularly conduct cleanup activities along the various tributaries of the bay within the region.

The installation of trash traps and the hiring and mobilization of river rangers are under Phase 1 (Cleanup/Water Quality Improvement) of the Manila Bay Rehabilitation Program which was launched in January 2019 during the administration of former DENR Secretary Roy A. Cimatu. The said activities were coupled with information and awareness drives among the affected residents.

DENR CALABARZON continues to call on the public to religiously practice proper waste segregation and disposal to lessen the waste leading to Manila Bay and to the ocean.###



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Traffic light - 1868
Jeans - 1872
Cannabis - Asia
Leek - Europe
Malungay - scurvy

## TUCP, naghain ng umento sa sahod...

(from p. 5)

essential needs ng bawat manggagawa lalo na't nagtataasan na ang mga presyo ng bilihin ngayon.

"We are now demanding the wage board to do its duty to set minimum wages that can really meet the basic needs of workers and their families in Region 4-A," panawagan ni TUCP President Raymond Mendoza.

"The current P303.00, P317.00, P373.00, and P400.00 daily minimum wages in Calabarzon, which are already low, in real terms is only P267.91, P277.22, P329.80, and P353.05, respectively. How can workers and their families cope with skyrocketing prices of foods and commodities with such ridiculously low wages?" pagpapatuloy nito.

Dagdag pa ni Mendoza, tumaas ng 4% ang inflation rate sa bansa nitong Marso 2022 na isa sa mga dahilan ng pagsipa ng "cost-of-living".

Kaugnay nito, inaasahang tataas pa ang inflation rate sa 5.1% ngayong taon, ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).(GOCAVITE)

## 2022 Cavite...

(from p. 6)

Mr. Bae (PYSDO) and Ms. Wilma Pereña of the Provincial Legal Office for the expert level; Mr. Tito Martinez Jr. from PDRRMO and Ms. Glaiza Aina Romansanta from PHO for intermediate level; and, Mr. Rosalio Rodriguez of the Provincial Information and Community Affairs Department and Ms. Marinell Prieto of PYSDO for the beginner level.

Other sports event include chess, e-games, basketball and volleyball which will run until June 3, 2022.**(PICAD)**

## DENR CALABARZON...

(from p. 2)

conducted its operation last February 22-26, 2022 in the cities of Biñan, Cabuyao and Calamba in coordination with the concerned LGUs, COMELEC and PNP. Likewise, CENRO Sta. Cruz, Laguna conducted their operation on April 23, 2022.

For Batangas, CENRO Lipa conducted its operations on February 26, 2022 and April 21, 2022 within its areas of responsibility, removing more than 2500 pieces of campaign materials. On the other hand, CENRO Calaca conducted operations on February 26 and 28, 2022 within municipalities of Agoncillo, Sta. Teresita, Taal, Nasugbu, Lian, Lemery, San Nicolas, Tuy, Balayan and Calaca resulting in the removal of approximately 1000 pieces of illegally posted campaign materials.

On April 13, 2022, PENRO Cavite spearheaded an operation in Ternate and Gen. Trias, Cavite in close coordination with the LGUs. The campaign materials were turned over to the local barangays so that the same may still be posted on designated areas only.

PENRO Rizal, on April 20-21, 2022, conducted removal of illegal campaign material on trees along Marilaque Road, Brgy. San Jose, Antipolo City and Manila East Road, Brgy. Lagundi, Morong, Rizal. They also informed political candidates to advise followers and supporters to stop posting campaign materials on trees, and reminded them of the existing rules and regulations. The said office conducted its third operation on April 26, 2022 in Antipolo City and Taytay, Rizal, wherein, 221 pieces of campaign materials had been removed.

PENRO Quezon also conducted joint operation with CENRO Tayabas removing a total of 1,335 campaign materials nailed and tied on trees on April 21, 2022 along roads of Barangays Lakawan, Ibabang Alsam, Lawigue, Kanlurang Palale, and Ibabang Palale in Tayabas City. The team leaders of Patrol Sectors under CENRO Tayabas were also instructed to conduct similar activities within their respective areas of jurisdiction. CENRO Catanauan removed campaign materials within its AOR on March 25, 2022 in coordination with DILG, PNP, and COMELEC.

Similar activities were conducted by CENRO Catanauan on April 23, 2022 along the national highway of Catanauan, Quezon removing 2.0 kilos of campaign materials. Moreover, simultaneous 'Oplan Baklas' was conducted by CENRO Real together with COMELEC and PNP within the municipalities of Real, General Nakar and Infanta, Quezon on the said date. On April 26, 2022, CENRO Calauag, Quezon undertook its operation along Maharlika Highway in Calauag, Quezon.

DENR CALABARZON thru its PENROs and CENROs continue to remove illegally posted campaign materials and conduct IEC activities to raise awareness on the existing environmental laws, rules and regulations.

The regional department also urges the public to report such incidences through its hotline numbers 0561825774 and 09198744369, and official Facebook page @DENR4AOfficial, and Instagram and Twitter accounts @denrcalabarzon.###

## EDITORIAL

**Marami tayong magagandang katangian bilang Pilipino, tayo ay mapagkupkop sa kulang-palad at bukas ang tulong sa mga nangangailangan. Hindi lamang tayo ugma sa pagnenegosyo dahil sa mga nakita natin sa mga nauna sa atin ay di tungo sa pagsasarili kundi sa pangangamuhan. Hindi rin tayo lubos na mapag-impok dahil sa ang ating kalikasan ay hindi tulad sa mga bansang may niyebe at malamig na winter. Madali tayong masiyahan sa konti di tulad ng bansang may yelo na pag di ka nag-impok ay maaring mamatay ka sa gutom sa panahon ng taglamig.**

**Alamin natin ang ating kahinaan at pitibayin ito sa hinaharap. Malulusutan din natin ang mga pagsubok kung tayo'y kapit bisig.**

## Health Benefits...

### Kaalaman tungkol sa Katmon bilang halamang gamot

Ang katmon ay isang mataas na puno na karaniwang tumutubo sa mga kagubatan sa kabundukan. Ito ay may makapal na dahon at tusok-tusok na gilid, at may maputing bulaklak na may malapad na talulot. Ang bunga ay kilala sa maasim nitong lasa. Ito ay tumutubo lamang sa kagubatan ng Pilipinas.



*Scientific name: Dillenia philippinensis Rolfe; Dillenia indica Blanco; Dillenia speciosa Blanco Common name: Katmon (Tagalog); Philippine Catmon (Ingles)*

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Katmon?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang katmon ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ayon sa mga pag-aaral, ang dahon ng katmon ay may taglay na betulnic acid at 3-oxoolean-12-en-30-oic acid

Mayroon din itong sulfated glucoside at seco-A-ring oleanane-type triterpenoid

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Bunga.** Ang bunga ay karaniwang kinakatasan upang mainom at maipanggamot sa may karamdaman.

**Dahon.** Ang dahon naman ay karaniwang nilalaga upang mapainom din sa may sakit.

**Balat ng kahoy.** Madalas namang nilalaga ang balat ng kahoy kasama ng dahon upang maipanggamot.

**Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring matulungan ng Katmon?**

**Ubo**. Ang maasim na katas ng bunga ay maaaring ipainom sa taong dumadanas ng ubo. Maaari din itong ilaga para mas madaling mainom.

**Sugat.** Ang dinikdik na dahon ng katmon ay maaaring ipantapal sa sugat upang matulungan ang mabilis na paghilom.

**Lagnat.** Makatutulong din ang pag-inom sa katas ng bunga para mapababa naman ang mataas na lagnat. Maaari itong haluan ng asukal upang mas madaling mainom.

**Hirap sa pagdumi.** Ang pag-inom sa pinaglagaan ng dahon at balat ng kahoy ay mabisang gamot para sa kondisyon ng hirap sa pagdumi.

**Iregular na tibok ng puso.** Maaari ding gamitin ang maasim na katas ng bunga ng katmon para matulungan at maisaayos ang tibok ng puso.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan,
Silang, Cavite

VOL. VI NO. 22



*Isang Ground Breaking Ceremony ang isinagawa sa bayan ng Silang para sa pagpapatayo ng kanilang Integrated Waste Management Facility.*








*Blessing at inauguration ng four-storey school building sa Pag-asa Elementary School sa pangunguna ni Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla.*




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

## DO YOU KNOW ?

*William Moulton Marston invented the Lie Detector- the Polygraph.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**